Nilikha ng Panginoong Dios ang mundong ito at lahat ng makikita natin at lahat ng mga maisip nating maganda sa kanya at sa ating lahat. Kaya binigyan niya ang mga manggagamot ng kanilang talino upang gumamot sa mga maysakit. Ganoon din sa mga mekaniko. Binigyan sila ng Dios ng kanilang talino upang magawa nila ang mga sirang sasakyan. Binigyan din ng Dios ang mga mananahi upang gamitin nila sa pagtagpi ng mga sirang damit. Binigyan din niya ang mga pastor at pari ng kanilang talino sa pag-akay sa mga taong naliligaw ng landas. At ganyan din ang ginawa niya sa ating mga magsasaka. Kaya kung mayroon sa ating mga pananim ang hindi gaanong maganda ay mayroon din sa atin ang mag-iisip kung ano ang gagawin natin para lumaki at mamunga ang mga pananim na pinaghihirapan natin.

Marami na sa atin, kung hindi lahat, ang nakakaalam tungkol sa abono o pataba na puwedeng mabili, pero ilan ang may ibibili. Kaya mayroong itinuro ang mga matatalinong tao na puwedeng gawin nating pampalago sa mga pananim natin maski hindi na tayo bibili ng pataba.

At ito ang gagawin natin. Ang unang gagawin nating ay maghanap tayo ng magandang lugar na paghuhukayan ng paglalagyan ng mga damo, abo at saka dumi ng mga hayop. At kung gusto nating doble ang gamit nito ay ilagay natin sa

malapit sa bahay at gagawin din nating basurahan. Pero huwag ilagay ang mga lata o kaya'y nga bote.

At kung napagpasiyahan na natin kung saan tayo huhukay, ay umpisahan na natin ang paghukay at gawing huwag umabot sa kinaroroonan ng tubig sa ilalim. Katamtaman lang ang laki ng hukay na gagawin natin, para hindi tayo mahirapan kung aalisin na natin 'yong ilalagay natin. Tama na ang dos por dos metros na kalaki at isang metro ang kalalim.

Kapag mayroon nang hukay lalagyan na natin ng mga balat ng prutas at mga ibang basura at mga damo o kaya'y uhay. Ang unang ilalagay natin sa hukay ay ang mga nabanggit na. Iyan ang unang patong na ilalagay natin sa hukay at gawin nating isang dangkal ang kapal nito. At sa ibabaw nito, ay lalagyan natin ng abo. Magtipon na lang tayo ng abo. At kung masyadong marami 'yong basura o kaya'y uhay, ay sunugin na natin 'yong iba. Ikakalat natin ang abo sa ibabaw ng basura at damo para magkahalo ang mga ito kung mabulok at maging lupa. At sa ibabaw na naman nito ay lalagyan natin ng baka, kalabaw o kaya'y baboy. Ikakalat din natin sa ibabaw ng abo. Lagyan natin ang buong ibabaw ng abo.

Gawin nating tatlong patong kung kasiya sa hukay. Pero huwag nating kalimutan na kailangang mauna ang mga damo't mga uhay. At saka isunod ang abo at saka isunod na naman ang dumi ng hayop at isunod na naman dito ang mga uhay at

damo. At kung puno na 'yong hukay ay tabunan na natin 'yong nasa ibabaw na damo at uhay ng lupa. Punuin na natin 'yong hukay ng lupa. Kailangang siksik na siksik ang paggawa natin para hindi mabasa maski malakas ang ulan. Puwedeng takpan natin kung malakas ang ulan dahil masisira ito kung mababasa.

Pagkatapos n'yan ay maghintay na lang tayo hanggang sa mabulok. Aabutin ng dalawa hanggang apat na buwan bago mabulok. At kung bulok na ito, ay kukunin na natin at saka na natin ihalo sa lupang pagtatamnan para may pataba ang lupa at mabilis lumaki ang mga pananim at puwede tayong kumuha ng igugulay natin sa lalong madaling panahon, kung gulay ang nilagyan natin ng pataba. Ito ang gusto kung ipaalam kung gusto natin para wala tayong maraming gastos.

At kung ayaw natin ang maghukay, ay maghanap tayo ng magandang lugar. At kung mayroon na, ay gagawa tayo ng kanal sa paligid nito upang hindi bahain kung uulan dahil kung babahain ito, ay mawawala ang bisa nito.

Ang gagawin natin dito ay katulad ng inilalagay sa hukay pero manipis ng kaunti ang patong ng mga dahon at mga uhay. Anim na pulgada lang ang kapal hindi gaya sa hukay na walong pulgada ang kapal ng patong ng uhay at dahon. Ang ikalawang pagkaiba ng hukay at hindi hukay ay lalagyan ang huli ng kawayan na may butas sa magkabilawg dulo ng maghali-haliling patong ng damo, abo at mga dumi ng hayop. At 'yong kawayan na 'yon ang dadaanan ng hangin na papunta sa ilalim na

magpapabulok. Pagkatapos ay tatakpan na natin ng dahon ng saging ang ibabaw para hindi mabulok ng dahil sa tubig lang.

At kung tag-araw ay kailangang diligin natin dahil hindi rin mabubulok kung hindi didiligin. Pagkalipas ng tatlong linggo ay baliktarin natin sa malapit na lugar. At pagkatapos ng apat na linggo ay baliktarin nating muli at ibalik natin doon sa unang pinaglagyan natin at bayaan natin sa loob ng limang linggo o mahigit pa, hanggang hindi mabulok. At kung bulok na ito, ay puwede nang ilagay sa bukid.

'Yan ang mabuting paraan sa pagpaparami ng bunga ng mga halaman dahil mayroong maibibigay na hindi mawawala sa ating mga lupa. Hindi gaya ng mga binibiling pataba na kung minsan ay nakasasama sa ating lupain kung ito palagi ang ginagamit.

## Palayan Ng Bayan

Habang umiikot ang orasan ay nababago rin ang kagawian at sa bawat kisapmata ay may isinisilang dito sa mundo at dito, dumarami ang suliranin ng mga pinuno dahil dumarami nga ang tao: kung marami ang tao ay marami rin ang kanilang kakainin. At dahil dito ay pang aring mabuti ng mga pinuno dito sa Pilipinas kung paano nila pakakainin ang mga ginugutom dito sa ating bansa. Dahil dito sa suliraning ito, naghanap ang mga pinuno ng batas ng malawak na luger na walang nakatira at walang nagmamay-ari. Maski hindi gaanong patag, huwag lang gaanong matarik at magandang pagtamnan ng mga iba-ibang uri ng pananim na magbibigay ng kayamanang maaring makalutas sa suliranin sa pagkagutom dito sa ating bansa.

Kaya si Gobernador Dumlao ng Nueva Vizcaya ay isa sa mga pinuno na may nagawang mabuti dito sa Palayan Ng Bayan dahil isa nga siya sa mga masigasig na tumulong sa mga taong nahihirapan sa pamumuhay nila. Totoong marami ang maitutulong nitong panukalang ito ng gubyerno dahil maliban sa malaking ani ay tumutulong din sila sa paglutas sa mga suliranin ng mga walang trabaho dahil nangangailangan sila ng manggagawa dito sa Palayan ng Bayan na panukala ng ating pangulo.

Malawak ang Palayan ng Bayan ni Gobernador Dumlao. Inararo nila ang ang dalisdid ng mga bundok at tinamnan nila ng mais, lansina, mani, kamote at lahat ng uri ng sitaw, munggo,

kamoteng-kahoy, sorghum at mga iba pa. May mga bahaging patag at 'yon ang tinamnan nila ng palay. Mayroong limang purok din na sapa doon at nilagyan daw nila ng libulibong isda pero nawala raw 'yong mga iba dahil pinadaloy nila ang tubig nang umapaw ang tubig, dahil mas mabuti pa raw kung mga isda ang mawawala kaysa masisira ang dike.

At sinabi rin ng gobernador na mayroon pang magandang itanim na mapagkakakitaan ng malaking halaga. Ang luya raw. Ang maaani raw natin sa isang ektarya ay nagkakahalaga ng dalawampung libong piso.

Maganda ang luya sa atin dahil hindi masisira sa bagyo maski nasa tuktok ng bundok at saka hindi rin masabing masira maski matagal na hindi mabili. Tabunan lang natin ng lupa kung itatago natin upang hindi gaanong gagaan.

## Ang Pagtatanim Ng Sorghum

Sinadya naming pinuntahan ang panukala ni Gobernador Dumlao dito sa Nueva Vizcaya. Ang panukalang ito ay sinasabi nilang Palayan Ng Bayan.

Nang dumating kami doon sa kanilang kampo na ginagamit din nilang bodega ay marami akong nakitang magagandang bagay na mabuting gawin din dito sa Apayao. Marami silang ani at naroon din ang lahat ng uri ng pananim. Marami akong nakitang mayroon din sa atin.

Ngunit ang gusto kong gawin natin ay damihan lang natin ang magtanim ng sorghum dahil marami pala tayong mapaggagamitan nito. Mainam sana kung tatamnan natin ang kalahati ng ating pinagkainginan ng sorghum at ito ang ipapatuka natin sa ating mga alagang manok at puwede ring pagkain ng baboy at maipagbibili rin ito.

Magandang itanim ito dahil hindi natin kailangan ang maraming pataba sa lupa.

Kung maani na itong sorghum ay ilalagay natin sa sako para huwag masira. Ito ang talagang mapaggagamitan natin. Kung gusto nating mag-alaga ng manok, ang sorghum ang magandang ipatuka dahil madali silang dumami at madali rin silang lumaki. Ganyan din sa mga baboy, kung ito lagi ang ipakakain natin. At mabuti rin kung ipagbibili ito.

Ang isang kabutihan nito ay puwede nating putulin ang tangkay at magkakaroon uli ito ng tubo. At dadami ang ating ani kung mamumunga na naman ang mga tubo. At puwede na namang putulin para maski tatlong beses tayong mag-ani sa minsan lamang pagtatanim.

At kung kalahati ng ating pinagkainginan ang tatamnan natin ng sorghum ay marami ang maaani natin at puwede nating ipagbili dahil mahal din ito. Marami ang mapaggagamitan natin dito.

## Ang Kahalagahan ng Mga Halaman at mga Hayop

Dito sa Apayao ay marami sa atin ang nagtatanim ng maraming halaman at nag-aalaga rin ng maraming hayop pero marami ang hindi pa nakakaalam ng kahalagahan at mapaggagamitan ng mga ito. Kaya ito ang dahilan kung bakit marami sa atin ang nagkakasakit, lalung-lalo na sa mga nagdadalang-tao at mga nagpapasuso at sa mga sanggol at mga bata; dahil kulang sa pangangailangan ang kanilang mga katawan. Kaya may masasabi ang mga matatalinong magmumulat sa ating mga mata at mga isipan upang malaman natin ang mga kahalagahan ng ating mga hayop at mga halaman kung gagamitin natin ang mga ito sa kusina.

At ito ang sinasabi nila: Mayroon daw anim na uri ng pagkain sa araw-araw.

Ang una ay ang mga dahong maigugulay at mga dilaw na gulay. Kagaya ng mga dahon ng gabi, kalabasa, malunggay at lahat ng mga talbos at dahon na puwedeng igulay. Ang mga ito ay sagana sa Bitamina A.

Ang ikalawa ay ang mga pagkaing sagana sa Bitamina C; kagaya ng bayabas, suha, kalamansi at mga iba pang bungang kahoy na maasim.

Ang ikatlong uri ng mga pagkain ay ang mga pagkaing may langis kagaya ng mga mantika, niyog, karne at margarina na

binibili sa mga tindahan.

Ang ikaapat ay ang mga pagkaing sagana sa tinatawag nilang protina. Ito ang mga sagana sa protina: isda, karne, gatas, hipon, suso, sitaw balatong at mga iba pa.

Ang susunod ay ang mga pagkaing magbibigay lakas, kagaya ng kanin, mais, gabi, kamote at mga iba pang nagbibigay lakas sa ating mga katawan.

Ang ikaanim na uri ng pagkain ay ang mga gatas at keso. Ang mga uring ito ay nagbibigay ng maraming bagay sa ating katawan lalung-lalo na ang sariwang gatas ng kalabaw, baka at kambing.

Ayon sa mga matatalinong nagsabi nito ay ito'y batay din sa paggawa at pagkain natin sa mga ito.

Sa almusal ay ang mga sumusunod ang ihahanda natin. Prutas, kanin o kaya'y mais at saka mga sagana sa protinang gulay o ano mang ulam, kagaya ng itlog, karne, balatong, sitaw o kaya'y isda, gatas at saka suso kung mayroon.

Sa tanghalian naman ay ang mga ito sana ang ihahanda natin: mga pagkaing sagana sa protina, gulay, kanin o kaya'y mais at ano mang prutas na panghimagas.

At sa hapunan naman ay gulay at mga pagkaing sagana sa protina, kagaya ng mga karne, isda, sitaw (buto) at saka kanin o kaya'y mais at mga nilagang kamote at saka mga prutas na puwedeng panghimagas at magdaragdag din ng mga kailangan ng ating mga katawan.

At ang isa pang sinabi nila ay tungkol sa pagluluto natin ng gulay at saka ang paglalaga sa mga ilalaga natin. Kung maglalaga raw tayo ay huwag nating balatan para huwag daw mawala ang mga bitamina. Maliban lang kung kamoteng kahoy dahil mayroon daw nakakahilong sangkap sa balat nito. Kaya kailangang balatan natin kung ilalaga natin ito. Pero huwag nating gawing basang-basa ang paglalaga dahil masisira rin ang mga sustansiyang kailangan ng mga katawan natin.

At tungkol naman sa gulay; kailangang hugasan muna natin bago hiwain ang mga gulay upang hindi mahugasan din ang mga sustansiyang kailangan ng ating mga katawan. At kung niluluto natin ito ay lagyan muna natin ng asin at saka nating pakuluin at saka na natin ilagay ang gulay at saka natin takpan ang palayok. Huwag nating lutuing mabuti para masarap at marami ang sustansiyang maibibigay sa ating katawan.

Ito ang magandang sundin natin, upang hindi tayo laging nagkakasakit. Maski walang pagamutan ay mababawasan ang ating mga suliranin dahil bubuti ang pangangatawan natin.

## Ang Magandang Pagbabayo ng Bigas

Simula noong bata pa ako, ay nalaman ko na ang kagawian nating mga Isnag tungkol sa paghahanda sa ating mga pagkain. Wala naman akong masasabi tungkol diyan dahil hanga ako sa pagtitiyaga nating mga Isnag sa lahat ng mga gawain natin.

Masasabi kong matiyaga tayo dahil kung magbabayo tayo ng palay, lalo na sa mga babae, ay aabutin tayo ng maghapon maski kaunti lang ang babayuhin natin. Ang gusto nila ay wala silang makitang manipis na nasa balat ng bigos. Dahil ikahihiya nila sa mga taong makikikain sa kanila. Ikahihiya nila ang kanilang sarili dahil babae nga sila. Kaya gusto nila ay wala sanang masasabi ang mga iba sa kanila. At totoo ring masarap ang maputing bigas pero wala namang maibibigay sa ating mga Isnag. Masasabi ko 'yan dahil gusto ko mismo ang kumain ng maputing kanin dahil akala ko rin kung may maibibigay ito sa akin. Pero wala pala dahil wala na ang bitamina nito.

Mabuti dahil hindi naman natutulog ang Dios at alam niya ang mga kailangan natin. Kaya ipinahintulot niyang magkaroon ng Writers Workshop. sa Bagabag at ipinahintulot niya ring mapasama ako dito. At mabuti nga dahil may magagandang bagay na makatutulong sa atin na sinasabi ng mga mahuhusay na nagturo sa amin at ito'y ipinasulat nila sa amin.

At ito ang alam kong mabuti sa ating mga Isnag. Kung tungkol sa pagbabayo ng palay, gustong-gusto ng mga babae dito sa atin ang maputing bigas. Pero ang totoo'y hindi 'yan ang

magandang bigas dahil kaunti ang maibibigay sa atin. Ang magandang pagbabago ng palay ay huwag nating alisin ang manipis na balat ng bigas dahil ito ang sagana sa bitamina. Marami ang maibibigay sa atin.

Ang kabutihan din nito ay hindi na tayo kailangang bumili ng Bitamina B. Malusog din tayo dahil nga sa marami ang maibibigay nito na kailangan ng ating mga katawan upang maging malakas. Lalong-lalo na sa mga bata. Dahil ang mga bata ang higit na nangangailangan sa Bitamina B, para maging malusog sila at mabilis silang lumaki at mataba rin sila.

At ang isa pang kabutihan nito ay hindi natin kailangan ang maraming kanin dahil kaunti lang ang makakain natin dahil parang tuyo raw ang kanin. Pero maski ganyan ay marami naman ang maibibigay sa sa atin. Mabuti rin ito dahil kaunti lang ang makakain natin maski marami tayo sa isang pamilya. Hindi naman sa dami ng kinakain natin ang pinanggalingan ng mga kilangan ng ating mga katawan. Dahil ang pagkain ng marami ay upang mabusog lang tayo; walang gaanong maibibigay na mabuti sa katawan.

'Yan ang gusto kong gawin nating mga Isnag. Lalong-lalo na sa ating mga pobre. Wala tayong ibibili ng gamot, kagaya ng Bitamina B na gamot sa beri-beri. Dahil ang beri-beri ay isa ring maselang sakit. Madali tayong kapitan nito kung babayuhin nating mabuti ang bigas natin. Kaya ang masasabi

ko ay huwag sana nating labis na linisin sa pagbabayo ang ating bigas dahil sayang lang ang manipis na balat ng bigas. Ito ang kailangan nating mga tao dito sa mundo.

## Ang mga Kailangan ng Mga Ina

Ngayong mga araw na ito, alam kong maghihirap tayo dahil sa nangyayari dito sa mundo dahil maraming iba-ibang pangyayari na nagaganap sa atin lalong-lalo na sa mga may mga anak. Naghihirap silang mabuti sa oras ng kanilang pagdadalang-tao at sa oras ng kanilang pagpapasuso, dahil sa palasakitin ang kanilang mga ~~masa~~. Pero mayroon akong kaunting gustong ipaalam sa ~~kanilang~~ at gusto kong gawin nila kung gusto nila.

Ganito ang gusto kong manatili. Kung nag-uumpisang maglihi ang isang ina, kailangang alagaan niyang mabuti ang kanyang katawan. Kailangang tingnan niyang mabuti ang kanyang kabutihan upang hindi siya gaanong mahirapan sa kanyang pagdadalang-tao at sa kanyang pagpapasuso.

Ito ang sinasabi ko: Kung naglihi na ang isang ina, huwag niya sanang ipagwalang-bahala ang pagkain niya ng mga gulay na alam niyang may maibibigay na nagpapalakas sa kanyang katawan. Dahil kailangan niya ang mga Bitamina at ang iron na sinasabi ng mga matatalinong manggagamot. At dahil sa wala tayong maraming ibibili dito, kaya kailangang damihan lang nila ang kumain ng mg gulay, gaya ng sitaw (buto at bunga) at saka mga talbos ng kamote at mga iba pang mga talbos ng ibang gulay, at saka karne, itlog kung sakaling mayroon, at saka mga iba pang puwedeng igulay na magbibigay ng mga kailangan ng mga nagdadalang-tao at mga nagpapasuso. Mas marami sana ang gulay na kakainin natin kaysa kanin para malakas ang ating katawan. Dahil mga gulay ang pinanggagalingan ng karamihan sa mga

nagpapalakas sa kanilang katawan, at sa dahilang dito rin kumukuha ang sanggol sa loob ng kanyang kinakain. Kaya kailangang maganda lagi ang kakainin nila upang walang ano mang sakit ang sanggol paglabas niya.

Kaya mabuti sana kung mas marami ang itatanim nating gulay dahil ito ang nagbibigay ng lakas sa ating katawan. At ito rin ang ihahalili natin sa mga kinakain ng mga mayayamang maraming ibibili sa mga alam nilang nagpapalakas sa kanilang katawan.

Ang gusto ko ay mabuti sana kung susundin natin ito upang hindi tayo mahirapan sa pag-aalaga natin sa ating mga anak at sa ating sariling katawan.

## Pagtitiis at Pag-asa

Sa buong mundo ay may mga lugar na patag at may mga lugar na kabundukan, dahil ito nga ang ginusto ng gumawa sa mundo at sa mga nilalaman nito. At lahat ng mga ito ay maganda sa kanya at maganda rin sa paningin natin. Ang lahat ng mga ito'y iisa ang kanilang kalalabasan at mapaggagamitan kung mayroon pagtitiis at pag-asa sa ating lahat.

Kaya maski nasa kabundukan tayo ay puwede rin nating gawin ang mga ginagawa ng mga tao sa kanilang mga lupa, kung iisipin natin ang pagtitiis at pag-asa natin.

Nasasabi ko ito dahil sa Danawe, Ifugao ay matataas din ang mga bundok doon pero bakit paliku-liko ang kanilang bai-baitang na lupa mula sa paanan ng bundok hanggang sa tuktok? Dahil sa alam nila ang magpatag ng pakaunti-kaunti sa libis ng bundok sa kanila at pakikinabangan na rin ito pagkatapos. Marahil ay isa-isang pirasong palayan ang paggawa ng kanilang nga ninuno noong ginawa nila 'yong mga bai-baitang na lupa nilang 'yon. Pero dalawang libung taon daw nila ginawa 'yon, kaya maraming marami na ang nagawa nila. At dahil dito sa ginawa nilang ito ay katulad din ng ani ng mga taga kapatagan ang kanilang inaani. Maaari rin silang mag-ani ng tatlong beses isang taon.

Kaya mabuti sana nga kasama kung may magsisimula sa atin

na magpatag ng pakaunti-kaunti sa mga lupa natin na alam nating magandang patagin at may tubig din. Maski hindi dinadaan ng tubig ay maganda rin dahil tatamnan na lang natin kung may malakas na ulan. Hindi bale, hindi naman magtutuloy na dadaloy ang tubig kung may pilapil ito.

Sa Banawe ay maginhawa na ang mga anak ng kanilang mga ninuno dahil alam nilang ipagtanda ang kinabukasan ng kanilang mga anak.

Kaya, para hindi tayo mahuli ay ngayon na ang paggising natin sa ating mga natutulog na kaisipan at imumulat na rin natin ang ating mga mata sa mga nalalaman natin at sa mga nakikita nating ikabubuti ng ating mga anak. Totoong mahirap ang paggawa natin dito dahil sa kakulangan natin sa kasangkapan pero kung may pagtitiis at pag-asa tayo ay ang Dios na lang ang bahalang tumulong sa atin kung sasampalataya tayo sa kanya. Ganon din sa Kanyang mga salita, aasahan natin na kukunin niya tayo sa Kanyang kaharian kung susundin natin ang kanyang sinasabi.

## Ang Pagtatamim ng Palay

Marami na ngayon sa atin ang gumagawa ng palayan pero kakaunti pa ang nakakaalam at sumusunod sa mga itinuturo ng mga nag-aral tungkol sa pagtatanim.

At ito rin ang kaunting isusulat ko na natutuhan ko tungkol sa pagtatamim ng palay sa patag. Batay sa mga sinasabi ng mga dalubhasa sa pagsasaka, kung maghahasik na raw tayo ng palay para sa punla ay kailangang bubungkalin na natin ang bukid na pagtatamnan natin sa punla.

At tungkol sa paghahasik ng binhi, may mga tatlong paraang maaring sundin natin: Ang mga ito ay ang wet bed, dry seed bed at dapug. Pero ang pinakamabuti dito sa atin ay ang wet bed.

Ang gagawin natin sa wet seed bed ay linisin muna natin at saka natin aararuhin at saka natin paragusin. Mabuti sana kung tatlong beses na mabungkal at maparagos. Pero bago ang ikatlo ay abonuhan muna at saka na natin bungkalin at saka paragusin upang mauna nang nakahalo ang aono para sa punla natin.

'Pag nagawa na natin ang mga 'yan, ihasik na natin ang binhi. Pero kailangang piliin natin ang binhing inaasahan. nating marami ang tutubo. Ang gagawin natin ay kukuha tayo ng isang daang butil ng palay at saka natin ikalat sa basahan at saka tayo kukuha ng patpat na pagpupulutan natin doon sa basahang pinagkalatan natin doon sa mga butil, ngunit ingatan natin upang huwag matapon ang mga butil ng palay. At pagkatapos ay

ibabad natin ng dalawampu't apat na oras. At saka natin ahunin pero huwag muna nating buksan hanggang sa dalawang araw. Kung sa pagbubukas natin ay walang walumpu ang tumubo ay palitan natin ang ating binhi dahil hindi gaanong marami ang tutubo pero kung aabot sa walumpu o mahigit pa ang tumubo ay ito na lang ang kukunin nating binhi dahil marami ang tutubo.

Ang susunod na gagawin natin ay kukunin natin ang binhi at ilalagay natin sa lata at saka natin lagyan ng tubig. Itatapon natin ang mga lulutang dahil hindi tutubo ang mga ito. Ibabad natin ng isang araw at isang gabi at saka natin ilagay sa sako pero huwag nating punuin ang sako dahil masisira kung nababad at tutubo.

Ang gagawin natin 'pag nailagay na sa sako ay ilalagay natin sa lugar na alam nating walang sisira. Pero didiligin natin ng dalawang beses isang araw kung walang ulan. At kung umuulan naman ay ililim natin.

Kung sumisibol na sa loob ng dalawa o kaya'y tatlong araw ay puwede na nating ihasik ito. Pero gawin nating parepareho ang paghahasik natin para maganda ang paglaki nila.

Pagkalipas ng dalawampu o kaya'y dalawampu't limang araw ay malalaki na at ito na ang pagtatanim natin; pero ipunin muna pagkatapos mabunot ang mga punla natin at saka natin hugasan ang ugat nito. Alisin natin lahat ang dumikit. Pagkatapos ay bigkisin na natin. Pero maglalagay muna tayo ng tubig sa malaking palanggana at saka natin haluan ng

Furadan 39. Ito ang gamot ng punla upang kung may salot ang punla ay mamamatay. Haluing mabuti ang gamot at saka natin ibabad ang punlang binigkis. Isang araw nating ibabad at gawin natin na ang ugat lang ng punla ang mababad dahil kung sobra ang tubig ay mamamatay sila. Pagkatapos ay magtatanim na tayo.

At kung tungkol naman sa palayan na pagtatamnan natin ay ganito ang gagawin natin. Sinabi ko sa simula ng magsabay sana ang paghahasik ng punla at ang pag-aararo sa palayan dahil batay sa sinasabi ng mga dalubhasa sa pagtatanim na sana ay tatlong beses na bungkalin ang palayan. Gawin nating isang linggo ang pagitan ng pagbubungkal. Kaya pagkalipas ng dalawampu't isang araw mula sa huling pagbubungkal natin ay puwede na ring itanim ang punla. Ang unang dahilan ng maagang pagbubungkal ngunit matagal pang tamnan ay upang may oras pa upang mabulok ang mga damo. Dahil hindi mabuti kung may nakatanim na habang kasalukuyang nabubulok ang mga damo dahil may maibibigay sila na makakasama sa palay.

Kaya bungkalin natin at paragusin sa isang linggo at saka na naman bungkalin at paragusin sa susunod na linggo para pumailalim ang ibabaw. Pagkalipas na naman ng isang linggo ay bungkalin at paragusin na naman nating at puwede nang tamnan ng palay.

Kung malalaki na ang mga punla ay gagawa na tayo ng planting wire na tinatawag sa wikang Ingles. Ang kawad na ito

ay may buhol na tigdadalampu't limang sentimetro ang kalalayo nila sa isa't-isa. Gawin nating mahaba ang kawad upang maski malaki ang palayan ay puwedeng italasok sa magkabilang gilid ng palayan.

Pagkatapos magawa 'yong kawad ay lagyan natin ng paltak sa magkabilang dulo. Kung magtatanim na tayo ay italasok natin ang magkabilang dulo ng kawad sa magkabilang gilid ng Palayan. Pero kailangang tingnan natin na ito'y tuwid. Kailangang iskuwalado ang paglalagay natin. Ang dahilan kung bakit may planting wire ay upang tuwid ang mga pananim, at kung tuwid ang pananim ay madali lang ang mag-alis ng mga damo. Lalong-lalo na kung may rotary weeder. At ang isa pa ay upang magandang tingnan kung tuwid ang ating palay. At kung may mga sulok ang palayan, huwag na nating gamitan ng planting wire. Tantiyahin na lang natin ang pagtutuwid.

At kung tapos na tayong magtanim ayusin at linisin na ang mga pilapil. Isang linggo simula sa pagtatanim natin ay bumbahan natin ng mga gamot na itinuturo ng mga dalubhasa sa pagtatanim kagaya ng Mepcin, Gusathion E, Azodrin, Sevin, Folidol at mga iba pa.

At kung marami na rin ang damo ay mabuti kung gamasan na natin habang maliliit pa ang mga damo. Kung may weeder tayo ay ito ang gagamitin natin. Hindi bale, tuwid naman ang magtanim dahil guramit tayo ng planting wire. Mabuti ang

weeder dahil sandali lang tayong maggamas at magiging putik din ang pagitan ng mga pananim. Sa pag-aalis natin ng damo, may mga tumubong palay na iba sa ating itinanim. Mabuti kung bubunutin natin ito para hindi mahaluan ng iba ang ating binhi lalo na kung maganda ang ating binhi.

Maski tapos na tayo sa pag-aalis ng damo, kailangang bisitahin natin para malaman natin agad kung may sumisira sa palay.

Kung kailangang malagyan ng pataba at hindi natin alam ay magtatanong tayo sa mga dalubhasa sa pagsasaka dahil iba-iba ang pangangailangan ng mga pananim ayon sa pangangailangan ng lupang pagtataniman natin.

At kapag iisang buwan na lamang bago mag-ani ay alisan na natin ng tubig ang palayan dahil hindi na gaanong kailangan ng palay ang tubig kung hinog na ang butil nito. At ang isa pang dahilan ay para matuyo na rin kung mag-aani tayo at hindi tayo mapuputikan.

Ito ang kaunting nalalaman ko tungkol sa pagtatanim at pag-aalaga ng palay.

## Ang Masarap na Paraan sa Paghahanda ng Kamote

Sapagkat alam kong marami tayong kamote ay alam ko rin na maraming paraan ang pagluluto natin. May nilaga, may prito, mayroong ihahalo sa sinaing at inihaw. Iyan ang mga alam nating gawin sa kamote natin.

At dahil mayroon akong nakitang bagong paraang ginawa ng mga mahusay magluto na ipinakita nila sa akin ay gusto kong gawin din natin dahil natikman ko na at totoong masarap.

Ganito ang paggawa natin: Ilaga nating ang kamote at pagkatapos ay balatan natin. At saka natin masahin nang mabuti. At ang mga ito ang ihahalo natin: margarina, kalamansi, at asukal.

Ganito ang paggawa:

Isang mangkok ng minasang kamote  
Dalawang kutsarang margarina o kaya'y  
butter o kaya'y langis  
Tatlong kutsarang katas ng kalamansi  
Tatlong kutsarang asukal.

Iyan lahat ang paghahaluin natin at saka natin masahin nang mabuti hanggang sa nahalo na nang mabuti. At kung puwede na rin ay ilagay natin sa pinggan at puwede nang kainin. Ang tawag ng mga nagturo ay Kamote Snow Peak.

## Pagpapaugat (Marcoting)

Ang marcoting na sinasabi sa wikang Ingles ay isang uri ng pagpaparami ng mga halaman natin. Lalo na kung gusto nating mamunga ang halaman natin sa lalong madaling panahon.

Ang paggawa natin ay ganito: Ang una ay pipili tayo ng sanga ng punong-kahoy na gusto nating paramihin. Titingnan natin ang sangang walang sira at 'yong maarawan upang madali at pantay-pantay ang pagkakaroon nito ng ugat sa palibot ng pasangang papaugatin. Ang laki ng sangang pipiliin natin ay 'yong mga hindi gaanong malaki at hindi rin gaanong maliit. Maganda kung kalahati hanggang isang pulgada ang laki.

Kung mayroon na tayong napili ay ganito ang gagawin natin: Hiwain natin ng palibot sa sanga at balatan natin at saka natin kaskasan ang nabalatan dahil baka magkakaroon uli ng balat at hindi magkakaroon ng tubo. Kung nakaskasan na ay huwag muna nating balutin hanggang hindi tumitigas ang dulo no'ng binalatan natin. Kung parang bilog-bilog na ng kaunti ay puwede na nating balutin.

Kukuha na tayo ng pagbabalot natin, kagaya ng plastik, kawayang biniyak, lata o kaya'y bunot, at kung mayroon na ay lagyan na natin ng matabang lupa at ito ang ibalot natin doon sa dulong bandang itaas ng binalatan natin. At pagkatapos ay diligin natin kung tag-araw.

Kung apat na bulan na ay tutubo ng ang ugat nito. At kung may anim o kaya'y walong buwan na ay puwede nang kunin. At kung kukunin natin ay lagariin natin sa ibaba ng binalot, pero dahan-dahan ang paggawa natin dito upang hindi gaanong magagalaw at baka may mababali doon sa mga ugat na tumubo.

'Pag nakuha na natin ay huwag nating itanim kaagad sa permanenteng pagtataniman nito. Mabuti kung itanim muna natin sa latang may lupa sa loob ng isang buwan para maalagaan pa nang mabuti. Dahil madali pang mamatay dahil sa bagong kuha nga doon sa puno. At kung tiyak na natin na maganda na ang paglaki nito ay puwede na nating ilipat sa gusto nating pagtataniman at maski hindi natin gaanong alagaan ay maganda na dahil nag-umpisa nang lumaki.

Totoong mabuti ang pagpapaugat o marcoting dahil kung namumunga na 'yong pinanggalingan niyang puno ay mamumunga na rin maski maliit pa. Ang hindi lang maganda dito ay madaling matumba dahil walang ugat sa gitna. Ang palibot lang ang may ugat.

Ito ang kaunting nalalaman ko tungkol sa marcoting.

## Ang Pagaalaga ng Kuneho

Kakaunti pa ang kuneho dito sa Pilipinas, pero nagsisumula nang malaman ng mga tao na ang karne nito ay maraming maibibigay sa ating katawan. Madali silang lumaki at wala rin silang maraming sakit, at saka hindi gaanong magastos ang kanilang pagkain at hindi rin gaanong malaking halaga ang kailangan sa pag-uumpisa dahil hindi rin gaanong mahal. Pero kailangan nila ang magandang kulungan at ang mabuting pag-aalaga dahil madali rin silang mamatay lalong-lalo na sa mga maliliit pa.

Kailangang-kailangan ang kulungan nila para mapag-ingatan natin ang kanilang pagkain at saka para hindi rin sila makain ng mga aso at pusa. Gawin nating dalawang piye ang laki at tatlong piye ang haba ng kulungan ng isang malaking kuneho. Lakihan lang natin ang pintuan upang madali nating hulihin kung may gagawin tayo sa kanya at upang madali rin ang paglilinis natin sa loob ng kulungan. Gawin nating isang pulgada ang kalalayo ng mga sahig upang madaling lumusot ang kanilang mga dumi.

Ihiwalay natin 'yong mga malalaki na dahil laging mag-aaway ang mga ito kung magkasama-sama sila. Pero 'yong mga maliliit ay puwede pa silang pagsama-samahin.

Tungkol naman sa pagpapakain sa mga kuneho, kailangang marami ang tubig. Kaya kailangang laging may malinis na tubig sa kanilang kulungan lalo na kung tag-araw.

Ang mga ipapakain ay mga darak, giniling na mais, bigas, sorghum at mga mabibiling pagkain ng manok at baboy kung mayroon. Pero hindi lang ang mga ito ang kailangan, dahil kailangan din nila mga dahon pero kailangan ding piliin natin ang mga ibibigay natin dahil maraming dahon ang nakakasama rin sa kanila. Lalo na raw sa mga buntis dahil makukunan sila o kaya'y hindi sila magbubuntis. Ang dahon at bungang masama sa kanila lalong-lalong na sa mga babae ay ang bunga ng ipil-ipil at saka ang mga dahon din nito. At ang isa ring hindi maipapakain ng marami sa kanila ay ang dahon at talbos ng kangkong. At ang isa rin ay dahon ng kamoteng-kahoy.

Ang magandang ipakain sa kanila ay ang dahon ng napier grass dahil sagana ito sa protina; dahon ng saging at kamote, dahon ng mais at mga iba pa. Huwag na huwag nating bayaan ang kanilang kulungan. Kailangang laging malinis ito. Isa ring huwag nating bayaan ay ang kanilang pagkain upang madali silang lumaki at tumaba.

At kung may anim na buwan na sila ay puwede nang ipalahi ang babaeng kuneho. Pero kailangang tingnan muna natin na walang sakit ang babae at ang lalaki. At kung wala silang sakit, dalhin ang babae sa kulungan ng lalaki. At 'pag natumba na 'yong lalaki sa tabi ng babae ay kukunin na natin 'yong babae dahil ang ibig sabihin ng pagkatumba ng lalaki ay nakastahan na niya ang babae. At kung mayroon pa tayong ipapalahi, palitan natin ang lalaki. At kung mangyayari ang nanyari doon sa una, kukunin na naman natin ang babae at ilagay natin sa kanyang kulungan. Pagkalipas ng dalawa o

kaya'y tatlong oras ay ipapalahi na naman natin para tiyak na magbubuntis ang babae at upang mas marami ang anak.

At halimbawang hindi natumba ang lalaki, kunin muna natin ang babae at subukan na naman natin maya-maya nang kaunti dahil baka tinatamad pa iyong lalaki.

Pagkalipas ng labing limang araw, tingnan natin kung buntis na 'yong ipinalahi natin. Hipuin natin ang tiyan at kung maramdaman nating hindi buntis ay ipalahi nating muli pagkalipas ng tatlong araw.

At kung may nanganak, linisin natin 'yong kahong nanganakan dahil lalangamin kung sakaling maraming dugo 'yong kahon at sayang lang kung mamamatay sila. Ilalagay natin ang kahon pagkalipas ng dalawampu't pitong araw simula sa pagpapalahi upang naroon na bago manganak. Kung may anak siyang nasa labas ng kahon ay ilagay nating muli sa kahon. Panatilihin sa kahon ang mga anak sa loob ng dalawang linggo at didilat ang mga mata nila pagkalipas ng sampung araw. Pasususuhin sila ng kanyang ina sa gabi. Ang dami ng kanilang anak ay batay sa mga ipinapakain natin dahil kung marami silang kinakain ay marami rin ang kanilang anak. At kung kaunti ay kaunti rin ang kanilang anak.

Ito ang kaunting masasabi ko tungkol sa pag-aalaga ng kuneho.

## Pag-aalaga ng Isda

Noong unang panahon ay kakaunti pa ang mga tao sa Apayao. At dahil kakaunti pa ang mga tao ay kakaunti pa ang kanilang magagamit sa mga nasa kanilang paligid, kagaya ng baboy-damo, usa, mga ibon at lahat ng mga bagay na nakatira sa tubig na puwedeng gamitin sa ating pamumuhay. At dahil noon ay marami ang mga 'yan ay wala silang suliranin. At kung wala tayong suliranin ay hindi rin natin kailangan ang mag-alaga ng mga isdang uulamin natin dahil kung bagot tayo sa walang ulam ay pupunta na lang tayong magpatibong ng hayop sa gubat (sa pamamagitan ng bilatik) o kaya'y magpana ng isda sa malapit na lang sa bahay.

At sa mga panahong ito marami na ang mga tao at dahil dito ay marami rin ang kailangan natin, lalo na sa mga karne at mga isda, dahil tayong mga Isnag ay gusto sana natin kung mayroon lagi tayong ulam na karne o kaya'y isda kung oras ng pagkain. At dahil sa marami na tayo ay wala na rin 'yong mga mapagkukunan natin ng karne at ang isda. Masasabi ko ito dahil maski isang araw tayong manghuli ng hayop sa gubat at maski isang araw tayong mangisda ay wala tayong mahuhuli dahil unti-unti na nga silang naunbos.

Kaya, dahil wala na tayong mapagkukunan sa mga itong kailangan natin ay mas mabuti kung mag-isip-isip tayo kung alin ang maganda at madaling mapagkukunan natin ng mga ito lalo na

ang mga isda. Kaya mabuti kung gagawa tayo ng palaisdaang mapaglalagyan natin ng mga isda; kagaya ng tilapis, hito, dalag o kaya'y karpa.

At kung gagawa tayo ay piliin natin 'yong lugar na may mapagkukunan tayo ng tubig na malinis at ang lugar na hindi mawawalan ng tubig maski tag-araw.

At kung mayroon na tayong paggagawan ay umpisahan na natin ang maghukay ng gusto nating kalaki. Ang kalalim ay isang metro o kaya'y isa't kalahati dahil 'yan daw ang mainam na kalalim. At tungkol naman sa karami ng isdang ilalagay natin ay limampu sa bawat isang metro kuwadrado. Ang mainam na laki ay pitong metro kuwadrado rin ang laki kung para sa gamit lang sa bahay ang aalagaan natin. Sa laking ito ay tamang-tama ang dalawang libong isdang ilalagay natin.

Pagkatapos natin ay linisin natin ang mga paligid dahil marami ang kakain sa mga isda kung hindi malinis ang paligid, kagaya ng mga daga, ahas, bayawak at mga iba pa. Legyan din natin ng maliliit na bato ang loob ng palaisdaan at saka natin tamnan ng water lily, kangkong at saka natin lagyan ng mga isdang gusto natin. Puwedeng tilapia, dalag, hito o kaya'y karpa kung mayroon. Puwedeng paghaluin natin ang iba't-ibang uri basta hindi 'yong mga kumakain ng kanilang kapuwa, kagaya ng dalag.

At kung mayroon na tayong inilagay ay pakainin natin sila ng darak ng palay at mais, giniling na sorghum, bulati, anay na

itim, dahon ng kamote o kaya'y kangkong. Kailangan ding lagyan natin ng dumi ng manok maski dalawang beses lamang sa isang buwan. Hindi nila kinakain ang dumi ng manok ngunit ito'y para sa mga lumot upang madali silang dumami dahil kinakain din nila ito.

At laging palitan ang tubig ng palaisdaan para maganda ito; gawing minsan sa isang buwan, lalo na kung hindi umaagos ang tubig.

At kung malalaki na sila ay kailangang may panganganakan ang mga inahing isda para hindi sila mapapasama sa mga malalaki dahil hindi sila makakain nang mabuti. Kung kukuha tayo ng uulamin natin ay lilimasin natin ang tubig upang mabawasan din natin ang putik, lalo na kung malalim na. Ganito ang gagawin natin para mayroon lagi tayong mapagkukunan ng uulamin nating isda maski hindi na tayo bibili o kaya'y pupunta sa ilog at mangisda.

## Pagtatanim ng Kabute

Ang kabute ay isa sa mga gusto nating gulay pero bihira na silang matatagpuan ngayon. Tayong mga taga rito sa Apayao ay mayroon nang mga iba sa atin ang nakakaalam na puwedeng itanim ang kabute pero wala pa yata ang gumawa nito dahil wala silang itatanim.

Kung gusto nating laging may kabute kung kakain tayo ay ganito ang gagawin natin. Ang unang gagawin natin ay kukuha tayo ng itatanim natin sa tanggapan ng Bureau of Plant Industry at kung hindi ay magpapakuha na lamang tayo. At kung gusto natin ay puwede tayong magtanim pero kailangang may Pressure Cooker at garapon at kailangang may kahong hindi mapapasukan ng hangin kung ito'y gagamitin natin.

Kung mayroon na tayong itatanim, kailangang gagawa na tayo ng pagtataniman dahil kung hindi natin itatanim agad ay masisira dahil isang buwan lamang ang taning sa buhay ng itatanim. Kaya maghahanap na tayo ng paggagawan natin ng parang katre ang anyo at ito'y gawin natin sa lugar na may tubig para walang langgam na kakain sa itatanim natin. Ang haba nito ay dalawang metros at kulang sa isang yarda ang lapad nito.

Pagkatapos nating gumawa ng parang katre ay kukuha na tayo ng pagtatamnan nating mga tuyong dayami o kaya'y puno ng saging.

Kung dayami ang gagamitin natin ay ayusin nating mabuti at gawin nating pantay-pantay ang haba. At saka natin bigkisin ng kasing lalaki ng hita. At kung mayroon nang anim na patong doon sa ginawa nating parang katre ay putulin nating lahat at gawing kulang sa isang yarda ang haba upang maganda at tamang-tama ang sukat nito doon sa parang katreng paglalagyan natin. Kung naputulan nang lahat ay ibabad na natin sa buong magdamag. At kung malambot na ay maglagay na tayo ng isang patong doon sa parang katre. Ipahalang natin doon sa parang katre at kung may isang patong na ay maglagay na tayo ng itatanim na punlang kabute. Ang paglalagay natin ay isang pulgada ang kapal at limang pulgada ang kalalayo at apat na pulgada ang layo sa gilid. Pagkatapos nito sa unang patong ay patungan nating muli ng dayami at lagyan muli natin ng punlang kabute at saka natin patungang muli at saka na naman sundin 'yong unang ginawa natin. Ganyan ang gawin natin hanggang sa anim na patong. Bago patungan ay ididiin muna nating.

Pagkalipas ng appat hanggang sa limang araw ay diligin natin. At kung tag-ataw ay diligin natin bawat dalawang araw. At kung tag-ulan ay maski matagal nating hindi diligin.

Pagkalipas ng mahigit isang linggo ay tutubo ng ang mga kabute kung maganda ang pagaalaga natin. At kung kukuha na tayo ay dahan-dahan ang pagbunot natin para makuha lahat ang puno. Ingatan din 'yong mga sumisibol pa.

Ito ang gagawin natin kung gusto nating maggulay ng maraming kabute.